# O, ANONG SAYA! (O ANG NATUTUHAN KO NGAYONG PANDEMYA)

Chuckberry J. Pascual

Ayon sa UP Diksiyonaryong Filipino, ang ibig sabihin ng saya ay "damdamin kaugnay ng suwerte, tagumpay, at kasiyahan," at "paraan ng pagpapahayag nito." Ang iba pang salitang maaaring katumbas nito ay "amuog, babaya, kasadya, ligaya, feliz, gayaga, galak, happiness, lami, tuwa, ugma." Batay sa depinisyong ito, luminaw sa akin na hindi naman pala mas malalim na uri ng damdamin ang "ligaya" kaysa "saya." Pareho lang pala sila. Pero sa kung anong dahilan, ang akala ko dati, segunda klase lang ang salitang "saya" patungkol sa damdamin na kinikilala nating saya. Una, panis kasi ito sa "tuwa." Kasi ang tuwa, madalas gamitin na eupemismo pagdating sa mga taong lihim nating gusto. "Natutuwa ako sa iyo!" Ilang beses na ba nating narinig 'yan sa mga taong paasa? Tawa nang tawa sa mga biro pero kapag inalok mo ng kasal o ONS, ayaw naman palang mag-asawa, o kahit magpaasawa man lang nang isang gabi. Dagdag pa, ang karaniwang salin ng Joyful Mysteries ay Mga Misteryo sa Tuwa. May pelikula pa si Abbo Q. Dela Cruz na ganito rin ang titulo. Take note ha, hindi Misteryo sa Saya, hindi Misteryo sa Ligaya, kundi *Misteryo sa Tuwa*. Si Abbo Q. Dela Cruz na 'yan. Sa madaling salita, dahil kayang tawirin ng salitang "tuwa" ang bastos, banal, at sarap (sa panonood ng sine), hindi maikakailang superyor na salita ito kaysa "saya."

Inakala ko ring mababaw na damdamin lang ang "saya" kung ikukumpara sa "ligaya," dahil sa Eraserheads. Pansinin na lang, bakit hindi "lahat tayo'y mabubuhay nang tahimik at buong . . . sayaaa" ang ginamit nila sa lyrics? Bakit "ligayaaa?" Mas malalim kasi ang damdaming ito. At siyempre, nariyan din ang hindi matatawarang

ambag ni Edgardo M. Reyes sa kanyang seminal na nobelang *Sa Mga Kuko ng Liwanag*: si Ligaya Paraiso ang hinahanap ni Julio Madiaga, hindi si Saya Paraiso. Dahil hindi matutumbasan ng salitang "saya" ang damdaming hinahanap-hanap ni Julio, iyong damdaming hinahanap niya, sukdulang ikamatay niya sa eskinita.

At huwag na nating banggitin pa ang salitang nasa gitna ng dalawang ito—alanganin dahil bihira namang gamitin sa kumbersasyon maliban na lang kung ikaw 'yung tipong iniiwasan ng maraming tao o kung ikaw 'yung tipong Filipino teacher lang ang magkakagusto—ang "lugod."[1] Oo, hindi naman ito kasama sa listahang inilagay sa depinisyon ng saya, dahil mas partikular ang kahulugan nito: "kasiyahan o katuwaang likha ng pagkahalina sa isang tao, bagay, hayop, at iba pang nilalang." Wala pa akong nakakausap na ginamit ang salitang ito nang kaswal, tipong "lugod na lugod ako sa pelikulang ito" o "nalugod ako nu'ng makita ko ang nanay ko" at kung sakali mang may makilala nga ako, iiwasan ko rin malamang ang taong iyon. Maliban na lang kung taga-Cebu ang kausap ko, dahil ang ibig sabihin nito sa Cebuano ay panghilod.

Binanggit ko ang lahat ng ito dahil ang nais kong talakayin sa papel na ito ay ang saya sa panahon ng pandemya. At batay nga sa aking pahapyaw na pagsisid sa kahulugan ng salitang ito sa pamamagitan ng pagbuklat sa *UP Diksiyonaryong Filipino*, nabatid kong wala pala itong kaibhan sa tuwa, ligaya, at kung tutuusin, kahit pa sa lugod. Kaya naisipan kong isulat ang papel na ito, na naisipan kong hatiin batay sa arbitraryong dahilan sa apat na bahagi. Magsisimula ako

1 Ang totoo, medyo espesyal sa akin ang lugod, dahil kapag napipilitan akong i-translate ang "jouissance" sa Filipino, ito ang ginagamit kong salita. Kailangan ko rin laging magbigay ng caveat sa mga estudyante kapag binabanggit ko ito sa klase, dahil kapag simpleng Google search ang ginawa, ang isa sa mga resulta ay "orgasm." Naroon din naman ang "enjoyment" at "pleasure" pero nababahiran na iyon ng pagiging sexual ng "orgasm," kaya balewala rin. Kaya para hindi magmukhang bastos na guro, lulunsad ako sa pagpapaliwanag nito sang-ayon sa pagkakaintindi ko kay Jacques Lacan: sasabihin kong lampas ito—salin ko sa "beyond"—sa "pleasure principle" ni Freud. Kapag ginawa ko ito, garantisado, tatahimik ang klase. Garantisado ring tatahimik ako, dahil hindi ko na alam ang susunod na sasabihin.

sa pagtalakay sa sayang dulot ng pagkakulong o quarantine, sayang dulot ng memes, sayang dulot ng online classes, at magwawakas sa isang anekdotang inaasahan kong kukurot sa puso ng mambabasa at mag-iiwan ng kakintalan sa kanya, dahil ano pa ba ang silbi ng pagsusulat kung hindi naman pala dito hahantong ang lahat?

## Sayang Dulot ng Pagkakulong

Marso 8 ang huling araw na lumabas ako para maglibang. May takot na noon tungkol sa COVID dahil may ilang kaso nang nasa balita, pero dahil malaya akong indibidwal, nanood pa ako ng dula sa CCP. Lingid sa kaalaman kong iyon na pala ang huling dulang mapapanood ko sa teatro sa taong ito. Dahil simula noong Marso 9, sinuspinde na ang klase sa unibersidad na pinagtuturuan ko. Nanatili ang suspensiyon hanggang Marso 14, hanggang sa inanunsiyo na nga ng Malacañang ang community quarantine sa NCR at Cainta, Rizal.

Tulad ng sinasabi ng marami sa kanilang mga Facebook status, masaya naman ang quarantine sa simula. Ang una ko ngang naisip, pagkakataon ito para makapagpahinga, makapagsulat, makapag-aral ng Nihongo, French, Mandarin, at German, matuto ng calligraphy, meditation, tai chi, aikido, jiujitsu, weightlifting, baking, nail art, horticulture, modeling, reflexology, palmistry, carpentry, at iba pa. Pero siyempre dahil ako 'yung tipo ng taong nagbabasa ng Foucault, naalala ko ang kanyang *Discipline and Punish*.[2] Sa unang kabanata, kung saan tinatalakay niya ang paglalaho ng torture bilang ispektakulo at ang paglipat nito sa abstraktong kamalayan, sinipi ni Foucault ang mga pamantayan ni Leon Faucher para sa mga kabataang bilanggo sa Paris. Nagsisimula raw ang araw ng mga

2 Isa ako sa mga nakikipag-unahang mag-MINE! sa Facebook pages ng mga book reseller. Paborito ko ring makipag-unahang mag-MINE! sa mga libro nina Marx, Engels, Freud, Heidegger, Derrida, Zizek, Wittig, Baudrillard, Benjamin, Adorno, Butler, Marcel, Kojeve, Spivak, at iba pa. Pero kahit isang beses, hindi ako nag-MINE! sa mga libro ni Ayn Rand. Dahil galit ako kay Ayn Rand. Marami kasing galit kay Ayn Rand sa social media.

bilanggo nang alas-sais ng umaga at nagtatapos nang alas-siyete y medya kung tag-init at alas-otso y medya kung taglamig. Basta ang sigurado, sa loob ng isang araw, siyam na oras silang nagtatrabaho. May nakatakdang oras ng pahinga, ng pagkain, at pagdarasal.

Kaya ang ginawa ko, ginawan ko rin ng schedule ang mga araw ko. Naglaan ako ng oras para sa pagsusulat, pagkain, ehersisyo, pag-aaral ng Nihongo, panonood ng Netflix, paggamit ng social media. At dahil kasama sa mga pangarap ko sa buhay ang maging mabuting anak, naglaan rin ako ng oras para sa pakikipaghuntahan sa nanay kong nasa ibang bansa. Noong wala pa kasing quarantine, hindi kami madalas makapag-usap dahil madalas akong nasa labas ng bahay. O kung nasa bahay man, madalas may inaasikasong kung ano sa laptop. Pero dahil nga bawal lumabas, mas naging madalas ang pag-uusap namin. Inaabot kami minsan ng isa o dalawang oras ng pagkukuwentuhan—ang tagal, di ba?—pero iniisip kong katumbas lang iyon ng oras na sinusunog ko dati sa araw-araw na trapik sa kalsada, kaya okay lang. Masaya ang nanay ko, at masaya ako dahil napapasaya ko siya. Libre naman ang tawag sa internet. (Kung gaya ng dati na may bayad ang long distance . . . masaya pa rin naman pero hindi masyadong masaya.)

Marami akong nagagawa sa araw-araw, maayos ang schedule ko. Anong saya! At anong paradoha! Dahil itong pinapangarap kong kalayaan—ang kalayaang magkaroon ng disiplinadong araw—na laging inaagaw sa akin ng pabago-bagong sitwasyon ng araw-araw ay makakamit ko lang pala kapag ikinulong ako sa bahay! Oo, sabi ni Hau, mahalaga ang konsepto ng contingency, dahil may kinalaman raw ito sa pag-iral ng excess o labis, na isa itong kondisyon para sa posibilidad ng panitikan at politika at kung paano nakakatulong ang mga ito sa pagbuo ng proyekto ng bansa, pero nanawa na yata ako. Magaling talaga ang kritisismo ni Hau, pero bilang taong hindi makakilos nang walang matinong To Do List sa araw-araw, napapagod ako minsan sa konsepto ng contingency.

Pero aaminin ko, nanawa rin ako sa pananawa noong Marso 31, dahil iyon ang petsang itinala ang pinakamataas na bilang ng COVID-19 cases sa bansa. Oras noon ng panonood ko ng balita sa YouTube, at tumambad sa akin ang bilang ng mga kaso: umakyat na sa dalawang libo. Nanghilakbot ako.

Nanghilakbot rin ako nang maubos ang stock ko ng pagkain sa ref at kinailangan kong lumabas para mamili ng grocery. Inagahan ko ang alis, para ’ka ko mauna. Pero sa panahon pala ng quarantine, tanghali na ang alas-nuwebe. Tila higanteng sawang paliko-liko ang inabutan kong pila para lang makapasok sa Puregold. Naka-face mask ako at naka-face mask din ang lahat ng tao sa paligid, pero lahat kami, halos diring-diri sa isa’t isa. At doon sa pilang iyon, dalawang linggo pagkatapos kong makulong sa loob ng bahay, noong praning na praning ako, nahihirapang huminga dahil sa suot na face mask at panay ang spray ng alcohol sa kamay at punas ng pawis sa noo, ipinaalala ko sa sariling huwag masyadong seryosohin si Foucault dahil hindi naman ako bilanggo, dahil hindi naman ako nabubuhay sa Edad Medya (parang lang, saka para sa ibang papel na kung gusto kong patunayan), at lalong hindi ako bahagi ng kulturang Europeo. Hindi na rin kami gaanong nagtatawagan ng nanay ko noon dahil wala na kaming masyadong maikuwentong bago sa isa’t isa. Panay rin ang pagkagulat niya sa sagot kong “ewan”—at tumitindi rin ang inis ko sa kanya dahil paulit-ulit lang naman ang sagot, sinabi na ngang “ewan!”—kapag tinatanong niya kung kailan matatapos ang quarantine sa Pilipinas.

## Sayang Dulot ng mga Meme

Kapag tinatamaan ng bagot, ang isa sa mga paborito kong gawain nitong pandemya ay tumingin sa mga meme. Tawa ako nang tawa kung paanong ginagago ng mga tao ang mga politiko. Paborito ko iyong mga nagpapakita ng katangahan ng mga politiko, ng pagkain nila sa sariling salita. Kung minsan (o madalas), tumatawid na

sa pagiging politically incorrect ang mga hirit—nariyang gawing katatawanan ang pakikipag-usap ni Harry Roque sa reporter na si Joseph Morong, ang hitsura ng Presidente, lalo na ang kanyang ilong at paiba-ibang kulay ng balat—pero natatawa na rin ako kung minsan sa paggigiit ng iba sa pagiging politically correct sa konteksto ng lahat ng ginagawang kabastusan sa atin. Sa kaso halimbawa ng Presidente, siya mismo ang unang-unang tumatawid papunta sa ad hominem nang lait-laitin niya ang laki ng ngipin ni Atty. Chel Diokno. At hindi lang ito ang unang pagkakataong lumabag sa itinuturing na maganda, kung hindi man katanggap-tanggap na asal ang ating pinuno. Sanay na sanay na nga tayo sa pagmumura niya, hindi na ito pinag-uusapan pa. Ano ba naman 'yung makipagbastusan tayo nang kaunti? Si DJ Alvaro nga, ang ideal man ay maginoo pero medyo bastos.

Kaya napapasaya ako ng mga meme. Idinurugtong ko ang kapangyarihan ng memes sa kakayahan nating baligtarin ang kapangyarihan, at kasama rin dito ang pagbaligtad sa kung ano ang karaniwang itinuturing na katanggap-tanggap. Hindi ito nalalayo sa mga kuwento ng paligsahan ng Amerikano, Pilipino, at Hapon na umaabot minsan sa scatological humor. Tingnan itong halimbawa:

> Isang araw, nagkaroon ng paligsahan ng parumihan ng salawal. Sumali ang Pilipino, Amerikano, Hapon, at Pilipino. Unang sumalang ang Amerikano. Hinubo nito ang salawal at hinagis sa pader. Limang minutong dumikit sa pader ang maruming salawal bago nahulog sa lupa. Palakpakan ng mga tao. Sumunod ang Hapon, at nagtagal naman ng sampung minuto ang pagdikit ng maruming salawal nito sa pader. Palakpakan ulit ang mga tao. Huling pumasok ang Pilipino. Hinagis nito sa pader ang maruming salawal, pero agad itong nahulog sa lupa. Nag-umpisang magtungayaw ang mga tao. Wala naman palang kuwenta! "Teka lang, abangan ninyo ang mangyayari," sabi ng Pilipino. Namangha

ang lahat nang mag-umpisang gumapang mag-isa ang maruming salawal. Ang Pilipino ang nagwagi sa paligsahan.[3]

Kadiri, di ba? Pero sa tingin ko, maaaring ugatin ang mga biro tungkol sa paligsahan kung saan Pilipino lagi ang nagwawagi sa mga kuwentong pusong. Nariyan ang mga kuwento ni Pilandok, halimbawa, kung paano niyang pinaglalangan ang hari para makuha ang kayamanan nito at asawa. Siyempre pa, dahil ako ang tipo ng taong may kaalaman sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas, ito ang iniisip ko sa tuwing humahalakhak sa mga meme, o nagha-haha react o LMAO emoji. Hindi lang ako simpleng nagko-comment sa social media, nakikibahagi ako sa isang mahabang tradisyon ng pamumusong sa Pilipinas. Ang halakhak ko ay may alingawngaw ng halakhak ng mga ninuno kong nagawang paglalangan ang mga tatanga-tangang fraile. Sabi nga ni Lucero, nais niyang tingnan ang pusong bilang "master of the double-entendre, of the polysemic, of the fictional epiphany that comes with the surprise twist." At sumasang-ayon ako sa napakamapagpalayang pagbasang ito. Aba, hindi ba't ito ang ginagawa ng mga meme-maker, ang paglalaro sa salita, sa kahulugan, at bilang epekto ay kinukulapulan ng dumi ang mukha ng hari at ng iba pang nasa kapangyarihan? Sabi nga sa isang meme, anong klaseng acronym ba naman ang nalilikha ng gobyerno natin—Bayanihan Act to Heal as One o BAHO for short. Ito rin ang enerhiyang nasa likod ng meme na nagpapakita ng larawan ng dalawang mataas na pinuno ng bansa. Kapwa sila nakasaludo sa larawan. Pero ang nakasulat sa ilalim ng larawan ng Bise-Presidente, "salute." Habang ang nakalagay naman sa ilalim ng larawan ng Presidente, "salot." Ito rin ang tinutuntungang siste ng

3 Ang bersiyong ito ay ipinamana sa akin ng lolo ko. Walang citation dahil tradisyong oral, siyempre. Pero para sa mahilig sa written culture (sa internet), interesanteng tingnan ang isang baryasyon nito sa isang nobelang Wattpad, kung saan ang Pilipinong may may maruming salawal ay sinasabing mula sa "angkan ni Lam Ang." Tingnan ang JacktheReaper22406, "Kabanata 4: Ang Umpisa ng Lahat" nasa *Kamao*, https://www.wattpad.com/125811250-kamao-kabanata-4. In-access Setyembre 28, 2020.

viral video ni Pipay Kipayy, isang makabagong pusong, tungkol sa puting buhangin sa Manila Bay: na ayos lang mabulid sa kahirapan ang lahat, ayos lang na walang ayuda, ayos lang na walang pambili ng load pang-internet, ayos lang na maraming nagkakasakit sa panahon ng pandemya, dahil ang pinakamahalaga sa lahat, mabuti ang mental health natin dahil puti na ang buhangin sa Manila Bay.

Anong saya! Anong katatawanan! At anong kapangyarihan! Pero sa tuwing naiisip ko rin na sa biro lang naman nagwawagi ang Pilipino, na sinakop pa rin naman tayo ng Amerika, ng Hapon, at ngayon, ayon nga sa madalas na punchline nating mga pusong—nakaamba na rin ang Tsina, ang ating bagong overlord! Ni hao! Xie xie! Abuchiki!—at sa tuwing naaalala kong oo, ang sarap pagtawanan ng paliwanag ng gobyerno tungkol sa Manila Bay pero totoo ring itinambak pa rin doon ang mga dolomite sa kabila ng pagwawala nating lahat, sa tuwing naririnig ko pa rin ang patuloy na pagtaas ng bilang ng may COVID sa building na tinitirhan, sa tuwing hindi ko pa rin masagot ang nanay ko kung kailan ba matatapos ang quarantine sa Pilipinas—nababawasan ang taginting ng halakhak ko.

## Sayang Dulot ng Online Classes

Ang totoo, noong 2018 pa naghahanda ang unibersidad na pinagtuturuan ko para magkaroon ng online classes. Maraming tumutol—kabilang ako—dahil sa kabagalan ng internet sa buong bansa. Ang sabi namin, paano tayong mag-o-online classes e ni wala ngang signal dito sa loob ng building na pinagtatalunan natin ang pagkakaroon ng online classes? Sa madaling salita, hindi kaagad naipatupad ang pagkakaroon ng synchronous at asynchronous classes. Pero heto na nga, nangyari ang pandemya. At sa ayaw at sa gusto naming mga guro sa unibersidad, kinailangan naming mag-shift sa online. (Kahit mabagal pa rin ang internet sa buong bansa at wala pa ring signal doon sa building na pinagtalunan namin kung dapat bang magkaroon ng online classes.)

Ngayon, praktikal naman akong tao. At ako rin ang tipo ng taong malaya sa anumang prehuwisyo pagdating sa kaalaman. Kahit nga mga babasahin tungkol sa Eastern philosophy, hindi ko pinapalampas. Kaya nagme-meditate rin ako at nagbabasa-basa ng mga koan. At ang isa sa mga natutuhan ko sa mga maestro ng katahimikan at kapayapaan, kapag may mga sitwasyong hindi ko na kayang baguhin, hindi na dapat ako lumaban. Sayang lang ang lakas na puwede namang ituon sa mas mahahalagang bagay, tulad ng pag-oobserba sa pagtaas at pagbaba ng dibdib habang humihinga—pasok ang hangin sa ilong, labas sa bibig. Ayon nga sa isang koan:

> A monk asked Tozan, "How can we escape the cold and heat?"
>
> Tozan replied, "Why not go where there is no cold and heat?"
>
> "Is there such a place?" the monk asked.
>
> Tozan commented, "When cold, be thoroughly cold; when hot, be hot through and through."

Ang baryasyon ng huling linya ay "When it is cold, let the cold kill you. When it is hot, let the heat kill you." Mas gusto ko ang baryasyon dahil mas deretsahan. Patay kung patay! O sa wika ng enlightened being na si Rufa Mae Quinto, "Todo na 'to!" Kaya nang magkaroon ng pandemya, nagpaubaya na lang ako sa online classes. Hayaan nang mabagal ang internet. Ang mahalaga, nakakapag-check pa rin ng email at social media, at kaya pa rin naman ng connectivity natin ang streaming ng YouTube at Netflix. (Konting buffering lang.) Hayaan nang maraming absent na estudyante dahil hirap silang makahanap ng signal. Ang mahalaga, huwag na lang mag-check ng attendance. Hayaan nang may mga materyal na posibleng may copyright violation. Ang mahalaga, wala namang makakaalam. Hayaan nang nabawasan ang interaksiyon sa mga estudyante, na para ka lang nakikipag-usap sa sarili mo kapag nagtuturo. Ang mahalaga, hindi mo na makikita kung natutulog sila. Ligtas pa ang

self-esteem mo. (At bakit hindi, natutulog naman talaga ang mga estudyante kahit noong wala pa sa hinagap natin ang COVID, ano.) Hayaan nang kailangan pa ring magklase online kahit may delubyo na sa labas. Ang mahalaga, puwede ka laging magdeklarang down ang internet kapag tinatamad magturo, at walang puwedeng kumwestiyon sa iyo dahil kakampi mo ang walang kupas na walang kakuwenta-kuwentang serbisyo ng Globe, PLDT, Sky, at Smart. (Hindi ko pa nasusubukan ang Converge.)

At higit sa lahat—ang pinakapamatay na dahilan para hindi lumaban—ay wala nang trapik! Hindi na kailangang mag-aksaya ng oras sa daan. Nabawasan kahit paano ang ating shadow-work. Mas mataas pa nga ang pagkakataon para gumanda at magpaganda dahil hindi na rin kailangang masira ang balat na dulot ng alikabok na araw-araw sinasagap sa labas.[4] Puwede nang mag-skin care habang nagkaklase, basta siguruhin lang na naka-off ang camera—isang seryosong concern dahil ayon sa *Allure*, may dulot talagang pinsala ang blue light sa balat. Salamat, *Allure*.

Hindi na rin kailangang magbihis pa nang magarbo kapag papasok sa klase, hindi na kailangang magpabango, hindi na kailangang magpagupit nang regular, at kung naturalesa mong maging salaula, ni hindi na nga kailangang maligo. Hindi lang oras ang natitipid, kundi pati budget sa jeep at Grab, at budget para sa laundry, shampoo, at conditioner. Tipid din sa bayarin sa tubig. Puwede ang lahat ng ito dahil puwede naman kasing magklase nang naka-off ang camera. Sa online class, puro lang kayo itim na kahon at boses na choppy. Boses na choppy, pero take note, ang kaalaman: hindi choppy. Puro boses, puro kaalaman, pero walang laman, walang katawan. Aba, hindi ba't ito ang pinakamalapit na estadong maaabot natin ang ipinapangaral ng mga buddha, ng mga zen master, ng mga enlightened being—na *wala* lang tayong lahat? At sa kaalamang wala lang tayo, doon, doon lamang natin

4 Hindi na rin masyadong iitim ang kulangot.

matatagpuan ang tunay na saya. Anong sayang maging wala! Anong sayang hindi lumaban at magpatianod na lamang sa agos ng buhay! Lahat tayo'y mabubuhay nang tahimik at buong . . . sayaaa!

Hanggang isang gabi noong Hunyo, napanood ko ang kuwento ng batang si Jhonel sa balita. Ine-enroll niya ang sarili habang nasa loob ng isang pisonet station, at nagkakandaiyak na siya, dahil hindi niya maunawaan nang lubos ang forms at nauubos na ang baon niyang piso para makapag-internet. Sumabog ako ng iyak. Ilang minuto lang ang balita, pero hanggang ngayon nagbabara ang ilong ko kapag naaalala ang sinapit ni Jhonel at ng lahat ng iba pang tulad ni Jhonel—naaalala ko ang kapatid kong pinag-aaral ko sa pampublikong paaralan, naaalala ko ang lahat ng mga estudyanteng nagsisikap lumaban, nagsisikap mag-aral, pero pinipigilan ng mismong sistema, tapos kapag lumaki sila, lalaitin lang ng iba, na kesyo tamad, batugan, walang kusang palo, kung nagsikap lang nang kaunti noong mas bata baka mas malayo ang narating sa buhay—at hindi lang nagbabara ang ilong ko, nabubulunan ako sa galit. Hindi lang ako nabubulunan sa galit, gusto kong ibalibag ang laptop sa pader. Pero hindi ko magawa, dahil may online classes ako at kailangan kong kumita at luma na ang laptop ko pero di ko pa mapalitan at may utang ako sa bangko at kaunti lang ang ipon ko at kailangan ko pang mag-abot ng pera sa pamilya buwan-buwan at may konting luho rin ako, aba, tao lang akong may pangangailangan, at hayan nga, may pinapaaral akong kapatid. Kaya nagbabara na lang ang ilong ko. At nabubulunan ako sa galit. Lalo nang makita ko ang balitang sumunod sa kuwento ni Jhonel, ang mga jeepney driver na namamalimos sa kalsada dahil walang ayuda, dahil walang inihahatag na alternatibong plano ang gobyerno maliban sa quarantine. Isinara ko ang YouTube, nag-Facebook na lang ako. Pero hindi ko rin kinaya. Pinatay ko na lang ang laptop. Halos mabulag na kasi ako sa pagkamuhi.

## Bilang Pangwakas: Isang Anekdotang Kumukurot sa Puso

Noong unang beses kong pinanood ang *Mulan*—iyong animated film, hindi ang live action film na may bidang supporter ng HK police, wala kasi akong pambayad ng VPN kaya hindi makapag-Disney Plus—naiyak ako nang todo sa "I'll Make a Man Out of You." Iyon 'yung sequence na nagte-training si Mulan bilang sundalo, at hirap na hirap siya. Nariyang hindi niya masalo ang pamalo, na maihampas niya ito sa mga kasamang sundalo, nariyang hindi niya magamit nang maayos ang pana, kailangan pa siyang tulungan ni Mushu. At nang matapos ang araw ng training, hindi rin niya nagawang umakyat sa poste na may nakasabit na dalawang bakal na plato sa magkabilang pupulsuhan. Pero nagsikap si Mulan, at kinaumagahan, inabutan siya ni Captain Li Shang na nasa itaas ng poste. Iyak ako nang iyak sa sine habang pinapanood ang eksenang ito. Siguro dahil katatapos ko lang mag-drop ng ROTC noon sa ikalawang pagkakataon, at takot na takot akong hindi maka-graduate dahil sa kalampahan, at nakikita ko ang sarili ko kay Mulan (Shet, kaya pala niyang akyatin ang poste, kaya ko rin!), siguro dahil puyat lang ako noong araw na iyon at emosyonal. Hindi ko alam. Pero ang sigurado, napakasaya ko para kay Mulan nang magawa niyang magtagumpay sa isang mundong pinaghaharian ng mga lalaki. At ang isa pang sigurado, ako lang ang umiyak sa eksenang iyon sa buong sine. Sigurado ako, dahil habang nagtatawanan ang mga tao sa kabalbalan nina Mulan at Mushu, sige naman ang punas ko ng luha.

Ibinahagi ko ang anekdotang ito dahil gusto kong ilarawan kung gaano ako kaiyakin kapag masaya, at kung gaano kasaliwa ang mga bagay na pinipili kong iyakan kapag masaya. Tulad noong isang araw, nang may makita akong mga kalapating nakatambay sa ibabaw ng puwit ng aircon. Dati, ang akala ko, iba-ibang ibon lang ang dumadapo sa aircon. Nagpapahinga lang siguro sila, ganyan.

Pero dahil nga naka-quarantine, naging ugali ko na ring mamintana, at napansin kong pare-pareho ang mga ibong dumadapo sa aircon: tatlong kalapating parating magkakasabay kung lumipad. Sa tingin ko, may nagmamay-ari sa kanila dahil meron silang mga tag sa paa. Napansin ko na tuwing hapon sila tumatambay sa aircon, mga bandang alas-dos. Kaya inaabangan ko na sila. Nandoon lang sila sa aircon, lalakad-lakad sa ibabaw, sa mga gilid. Pagkaraan ng ilang minuto, sabay-sabay silang da-dive, at saka lilipad. Paikot-ikot lang ang lipad nila, kung minsan parang hugis 8, tapos babalik sila sa aircon, saka da-dive ulit, lilipad, hugis 8 ulit. Mga tatlo o apat na beses nilang gagawin iyan, bago sila lumipad nang lampas sa tanaw ko mula sa bintana ng tinitirhan kong unit. Isang beses, masyado akong naging excited na makita ang mga ibon, naging padaskol ang kilos ko, at nagliparan sila agad palayo. Ang akala yata ng tatlong kalapati, sasaktan ko sila.

Nang lumipad palayo ang mga ibon, natawa lang ako. Ayan, ang tanga-tanga mo kasi, sabi ko sa sarili. (Naalala kong negative self-talk ito, kaya ilang segundo akong pumikit at saka huminga, pasok ang hangin sa ilong, labas sa bibig.) Tapos dahil isa akong guro ng Malikhaing Pagsulat, naisip ko . . . hindi kaya ang mga ibon ay metapora[5] para sa lahat ng mga Pilipino ngayong panahon ng quarantine? Pero dahil isa nga akong guro ng Malikhaing Pagsulat, nalungkot akong naisip ko iyon, dahil napagtanto kong wala akong moral integrity: panay ang pagbabawal ko sa mga estudyante kong gumamit ng cliché, pero heto ako at cliché ang unang-unang naisip pagkatapos makakita ng tatlong kalapati. Porke ibon, nakakulong na agad? Bakit hindi aso, ikinukulong din naman sila? Bakit hindi wombat, para hindi pangkaraniwan? Bakit hindi marmoset, para may reference sa tulang "Lament for the Littlest Fellow" ni Edith Tiempo? Bakit hindi pangolin, para

5 O komentaryo? Kailan ba nagiging metapora ang komentaryo? Ang komentaryo, kailan ba nagiging metapora? Ah, para sa ibang papel na iyan. Kay dami talagang dapat isulat.

may kinalaman pa rin sa COVID, at sa gayon ay magkaroon ng organic unity ang piyesang ito?

Doon, doon ako naiyak. Naiyak ako dahil naalala ko ang "Bayan Ko," ang mahusay na tula ni Jose Corazon de Jesus na sa kung anong biro ng tadhana ay si Freddie Aguilar ang itinakdang kumanta, kaya ang boses niya ang naririnig ko sa isip sa tuwing naaalala ang tula/kanta. Naiyak ako tulad ng pag-iyak ko noong mapanood magtagumpay umakyat sa poste si Mulan. Dahil oo, cliché akong mag-isip, pero salamat, salamat: alam ko palang cliché akong mag-isip. Hindi ba sapat nang dahilan iyon para maging masaya? Ang totoo, umabot pa ang pagmumuni-muni ko sa implikasyon ng ibon bilang metapora dahil ako ang tipo ng guro ng Malikhaing Pagsulat na nagbabasa rin ng Freud, at naisip ko ang mga implikasyon nito sa usapin ng sex. Pero muli, dahil ako ang tipo ng guro ng Malikhaing Pagsulat na nagbabasa ng Freud, naisip ko rin ang sinabi ng internet na isa pang sinabi raw ni Freud pero hindi naman pala totoo: ang "sometimes, a cigar is just a cigar." At napangiti na lang ako, saka umupo sa harapan ng laptop dahil may online class pang dapat harapin nang masaya.

## Sanggunian

Almario, Virgilio. 2001. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino.

Bradley, Laura. 2019. "*Mulan* Actress Voices Support for Hong Kong Police

Amid Protests, Sparks Boycott Calls." *Vanity Fair*. In-access Setyembre 29, 2020. https://www.vanityfair.com/hollywood/2019/08/mulan-boycott-liu-yifei-hong-kong-protests-police.

Cabico, Gaea Katreena. 2020. "COVID-19 Cases in Philippines Surge to 2,084 with Biggest Daily Rise." *Philstar*, Marso 21, 2020. https://www.philstar.com/headlines/2020/03/31/2004509/covid-19-cases-philippines-surge-2084-biggestdaily-rise.

Cook, Barry at Tony Bancroft, dir. 1998. *Mulan*. Burbank, CA: Walt Disney Pictures.

CNN Philippines. 2020. "Covid Cases in the Philippines Jump to 140, Death Toll at 12." *CNN*

*Philippines*, Marso 15, 2020. https://cnnphilippines.com/news/2020/3/15/Philippines-COVID-19-coronavirus-cases-deaths.html.

Dela Cruz, Abbo Q. 1984. *Misteryo sa Tuwa*. Maynila: Experimental Cinema of the Philippines.

GMA News Online. 2020. "Philippines Records 2 New COVID-19 Cases." *GMA News Online*, Marso 6, 2020. https://www.gmanetwork.com/news/news/nation/728576/philippines-records-2-more-covid-19-cases/story.

_____. 2020. "12-Year-Old Boy Enrolls Himself in School Using Pisonet Computer." *GMA News Online*, Hunyo 24, 2020. https://www.gmanetwork.com/news/hashtag/content/744042/12-year-old-boy-enrolls-himself-to-school-using-pisonet-computer/story.

Hau, Caroline S. 2000. *Necessary Fictions: Philippine Literature and the Nation, 1946-1980*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Haylett, Wendy. 2016. "Koans for Everyday Life: No Cold and Heat by
Tozan." *Linkedin*. In-access Setyembre 29, 2020. https://www.linkedin.com/pulse/koans-everyday-life-cold-heat-tozanwendy-
haylett.

Illich, Ivan. 1980. "Shadow-work." *Philosophiea* 26 (2): 7–46. https://www.philosophica.ugent.be/wp-content/uploads/fulltexts/26-2.pdf

JacktheReaper22406. 2020. "Kabanata 4: Ang Umpisa ng Lahat." *Kamao*. In-access Setyembre 28, 2020. https://www.wattpad.com/125811250-kamao-kabanata-4.

Lucero, Rosario Cruz. 2007. *Bayan sa Labas ng Maynila/The Nation Beyond Manila*. Lungsod Queozn: Ateneo de Manila University Press.

Lulo-ew, Bj. 2020. Facebook. In-access Setyembre 29, 2020. https://www.facebook.com/photo?fbid=686733135268391&set=a.109939252947785.

Mackenzie, Macaela, Leah Prinzivalli, and Paige Stables. 2020. "How Your
Phone's Blue Light Could Be Damaging Your Skin, According to Dermatologists."
*Allure*. In-access Setyembre 29, 2020. https://www.allure.com/story/blue-light-phone-skin-effects.

Mendez, Christina. "Duterte Unleashes Insults on Diokno, Other Critics",
*MSN News*, Abril 4, 2020. https://www.msn.com/en-ph/news/national/duterte-unleashes-insults-ondiokno-other-critics/ar-BB12amN1.

Oneill, Therese. 2018. "15 Great Quotes You Wish They'd Said (But They
Didn't!). *Mental Floss*. In-access Setyembre 29, 2020. https://www.mentalfloss.com/article/61069/15-great-quotesyou-wish-theyd-said-they-didnt.

Pipay (@pipaykipayy). 2020. "mAniLa bAyY." Twitter, Setyembre 6, 2020. https://twitter.com/pipaykipayy/status/1302550866952556545?s=21.

Reyes, Edgardo M. 1986. *Sa Mga Kuko ng Liwanag*. Maynila: De La Salle University Press.

San Juan, Ratziel. "I'm more relaxed now: Harry Roque answers to TV
Journalist Joseph Morong only." *Philstar*, Mayo 20, 2020. https://www.philstar.com/entertainment/2020/05/20/2015184/im-more-relaxed-now-harry-roque-answerstv-journalist-joseph-morong-only.

The Political Animal. Facebook. In-access Setyembre 29, 2020. https://www.facebook.com/thepoliticalanimal/photos/a.222008861225152/3295314707227870/.